# KAPASIYAHAN BLG. 2025-175

**"NAGGAGAWAD O NAGBIBIGAY AKREDITASYON SA LUNTIANG DIWANG MOVEMENT INC. DITO SA BAYAN NG BUSTOS, BULACAN."**

*Sa Pagtataguyod ni:*

**Igg. Engr. Gliceria M. Perez**

*Tagapangulo*

**Pinagsanib na Lupon sa Imprastraktura, Pagawaing-Bayan, Pangangalaga sa Kapaligiran at Pagbabago ng Panahon**

at

**Lupon sa Mga Tuntunin, Pribilehiyo, Usaping Pambatas, Serbisyo Sibil, Mabuting Pamamahala, Kabuhayan, Paggawa at Karapatang Pantao**

---

**SAPAGKAT**, isinasaad sa Seksyon 34 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal, na ang Pamahalaang Lokal ay dapat magsulong ng pagtatag at pagpapatakbo ng mga non-governmental organization upang maging aktibong katuwang sa paghahangad ng lokal na awtonomiya;

**SAPAGKA'T**, noong ika-23 ng Hunyo 2025 ay ibinaba ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal ang Memorandum Circular No. 2025-060 na nauukol sa "*Guidelines on the accreditation of civil society organizations and selection of representatives to the local special bodies*";

**SAPAGKA'T**, ang Luntiang Diwang Movement Inc., sa pamamagitan ng kanilang pangulo, Gng. Kim Cathleen M. Santos, ay nagpahayag ng kanilang intension na maging isang accredited CSO sa Probinsya ng Bulacan, Bayan ng Bustos upang sumunod sa aktibong pakikisama sa Lokal na Pamahalaan at maging aktibong katuwang sa paghahangad ng lokal na awtonomiya;

**SAPAGKA'T**, ang Luntiang Diwang Movement Inc. ay nakatugon sa mga dokumentong kinakailangan upang sila ay mabigyan ng akreditasyon ng Sangguniang Bayan, sang ayon sa itinatakda ng DILG Memorandum Circular Number 2025-060;

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. ENGR. GLICERIA M. PEREZ** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, ng Sangguniang Bayan na bigyan ng akreditasyon ang Luntiang Diwang Movement Inc. dito sa Bayan ng Bustos, Bulacan.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-3 ng Nobyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Lima sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Phillip Wryner B. Santos**<br>Kasangguni | **Kyle Gabrielle DR. Navarro**<br>Kasangguni |
| **Romeo B. Cabalquinto**<br>Kasangguni | **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni |
| **Leo T. Santos**<br>Kasangguni | **Melvin H. Melencio**<br>Kasangguni |
| **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni | **Engr. Gliceria M. Perez**<br>Kasangguni |
| **Raymond R. Perez**<br>Pangalawang Pangulo ng<br>Liga ng mga Barangay | **Mel Ryan P. Juan**<br>Pangulo ng<br>Pambayang Pederasyon<br>ng Sangguniang Kabataan |

**Martin SJ. Angeles, MMPA**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

---

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-3 ng Nobyembre taong Dalawanlibo Dalawampu't Lima.

**Atty. Gerardo S. Briasa**
Kalihim